## Yunit 1: AKO AY NATATANGI

**PANIMULA**

Sa yunit na ito matutuklasan ng mga mag-aaral ang iba't ibang bagay na nagpapakilala sa kanilang sarili at nagpapatunay na sila ay natatangi. Mauunawaan din nila ang konsepto ng pagbabago at pagpapatuloy sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang sariling buhay at paghahambing nito sa buhay ng kanilang mga kamag-aral. Mapahahalagahan din nila ang kanilang sarili bilang bata na may taglay na natatanging katangian, kakayahan at mga pangarap.

**MGA TEMA**

Nakapaloob sa aralin ang sumusunod na mga tema:

1. Tao, Kapaligiran, at Lipunan
2. Panahon, pagpapatuloy at pagbabago
3. Kultura at pagkakakilanlan

**MGA LAYUNIN**

Matapos ang pag-aaral ng Yunit 1 gamit ang modyul na ito, inaasahang magagawa ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. Maipakikilala ang sarili
2. Mauunawaan ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago
3. Maihahambing ang sariling kwento ng buhay sa kuwento ng kamag-aral
4. Mapahahalagahan at maipagmamalaki ang sarili

**MGA KASANAYANG MALILINANG**

Komunikasyon

pagbabahahagi ng impormasyon
pagsasalaysay
pakikinig sa paliwanag, kwento at salaysay
pakikipanayam
pagguhit

Mapanuring pag-iisip


pagsusuri
paghahambing
pagbubuo ng timeline

| | |
|---|---|
| Malikhaing pag-iisip | paggawa ng collage<br>pagguhit |
| Pagpapahalaga | paggalang sa paniniwala at damdamin ng kapwa<br><br>pakikiisa sa mga pangkatang gawain<br><br>pagtapos sa gawain sa takdang oras |
| Paglahok | pagsasadula<br>paglalaro<br>pagsali sa talakayan |

**Iminumungkahing Oras na Ilalaan upang Matapos ang Yunit 1**

50 sesyon (30 minuto bawat isang sesyon)

**Aralin 1: Pagkilala sa Sarili**



Paglaruin ang mga mag-aaral. Sabihin ang mga panuto bago simulan ang laro:

*Magpapangkat-pangkat kayo ng iyong mga kamag-aral ayon sa kategoryang aking babanggitin.*

a. *Pangalan*
b. *Kaarawan*
c. *Edad*
d. *Tirahan*

Matapos ang laro, itanong ang mga sumusunod sa mga mag-aaral:

a. Ano ang mga impormasyong ibinahagi mo sa iyong mga kamag-aral habang naglalaro?
b. Sa ano-anong pagkakataon mo kailangang sabihin ang iyong pangalan, kaarawan, edad, at tirahan?
c. Bakit kailangang alam mo ang iyong pangalan, kaarawan, edad, at tirahan?

**Gawain 2**

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pangkat na may apat na kasapi. Hikayatin silang isadula ang mga babasahin mong sitwasyon:

a. Unang araw ng klase, kailangan ninyong ipakilala ang inyong sarili sa inyong mga kamag-aral
b. Hindi sinasadyang napahiwalay ka sa iyong nanay sa palengke. Sa kabutihang palad, nakita mo ang nanay ng iyong kaklase. Nagmagandang loob siyang ihatid ka sa inyong bahay ngunit hindi niya alam kung saan ka nakatira. Tinanong niya sa iyo kung saan matatagpuan ang inyong bahay.
c. Nakita mo ang iyong lola na matagal mo nang hindi nakakasama. Tinanong niya kung ilang taon ka na.
d. Naglalagay ng dekorasyon sa inyong silid-aralan ang guro ninyo. Sinabi niyang ilalagay niya sa isang bahagi ng silid ang talaan ng

kaarawan ng mga mag-aaral. Sabihin sa guro ninyo kung kailan ang inyong kaarawan.


Bigyan nang sapat na oras ang bawat pangkat upang maghanda at mag-ensayo.


Matapos ang pagsasadula, itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:


a. Ano ang naramdaman ninyo matapos ibahagi sa inyong mga kaklase ang inihanda ninyong dula?
b. Naranasan nyo na ba sa inyong sariling buhay ang sitwasyong inyong ipinakita sa dula?

**Gawain 3**

Ipasulat sa mga mag-aaral ang hinihinging impormasyon sa bawat patlang.




Kailan ka ipinanganak?
Ipinanganak ako noong _________



Ilang taong gulang ka na?
Ako ay ______taong gulang na.





**Gawain 4**

Hikayatin ang mga mag-aaral na alamin ang pinagmulan ng kanilang pangalan. Ipatanong sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga kung bakit ito ang ibinigay sa kanilang pangalan.

Ipasulat sa loob ng bituin ang kanilang unang pangalan. Halimbawa, **Jose**. Ipasulat naman sa loob ng bilog ang dahilan kung bakit ito ang ibinigay sa kanilang pangalan. Halimbawa, pareho ang araw ng kapanganakan namin ni Jose Rizal, isang magiting na Pilipino.




Sabihin sa mga mag-aaral na maaari silang humingi ng tulong sa kanilang mga magulang o kasama sa bahay sa pagsagot ng gawain.




**Gawain 5**


Itanong sa mag-aaral ang sumusunod:

a. Ano-ano ang mga pangalang itinatawag sa iyo ng iyong mga magulang o kaibigan maliban sa iyong unang pangalan?
b. Sa mga pangalang ito, alin ang gustong-gusto mong itinatawag sa iyo? Bakit?

Bigyan ang bawat mag-aaral ng isang malinis na papel, Magpagawa ng name tag kung saan nakasulat ang pinakagusto nilang pangalan. Pakulayan ito gamit ang kanilang mga paboritong kulay. Tulungan ang mga mag-aaral sa paglagay ng tali. Ipasuot ito tuwing oras ng klase.




Sa pagtatapos ng aralin, bigyang-diin ang sumusunod na kaisipan na nakatala sa kahon.



**Tandaan**

Mahalagang malaman mo ang mga pangunahing impormasyon tungkol sa iyong sarili tulad ng iyong pangalan, kaarawan, edad, at tirahan.

Magagamit mo ang mga impormasyong ito sa pagpapakilala ng iyong sarili sa mga bagong kaibigan, kaklase, at kalaro.

**Aralin 1.2. Ako ay Katangi-tangi**

**Pag-isipan**



Paano ilalarawan ng mga mag-aaral ang kanilang sarili? Ano-ano ang mga pisikal na katangian ng bawat isa na naiiba sa ibang mga tao sa kanilang paligid?

**Gawain 1**

Bigyan ng isang malinis na papel ang bawat mag-aaral at ipaguhit sa kanila ang kanilang sarili.

Pagkatapos, ipasulat ang kanilang pangalan sa ibabang bahagi ng kanilang iginuhit na larawan. Ipabahagi sa klase ang ginawa ng mga mag-aaral.



Sa isang bahagi ng silid-aralan, ipapaskil sa mga mag-aaral ang mga iginuhit nila.

Tanungin ang mga mag-aaral

a. *Ano ang naramdaman mo habang -*
    1. *iginuguhit mo ang iyong sarili?*
    2. *Ibinabahagi mo ang iyong iginuhit?*
    3. *nakikinig sa pagbabahagi ng iyong mga kamag-aral?*
b. *Ano ang napansin mo sa iyong iginuhit? Ilarawan mo ito.*
c. *Ano ang napansin mo sa mga larawang inyong iginuhit?*
d. *Bakit hindi magkakapareho ang inyong mga iginuhit?*
e. *Ano ang kaibahan ng iyong iginuhit sa mga gawain ng iyong mga kaklase?*

**Gawain 2**

Itanong sa mga mag-aaral kung napagmasdan na nila ang kanilang mga daliri sa dalawang kamay? Ipasuring mabuti ang mga guhit sa kanilang hinlalaki.



Sabihin sa mga mag-aaral ang mga sumusunod

*Lahat tayo ay may kani-kaniyang "thumb print" tulad ng sinisiyasat ng imbestigador sa larawan. Subukin mong ikumpara ang iyong sariling "thumb print" sa iyong mga kamag-aral.*

Gabayan ang mga mag-aaral na bumuo ng isang pangkat na may limang kasapi. Bigyan ang bawat grupo ng isang malinis na papel at maghanap ng maaring ipangkulay sa kanilang hinlalaki tulad *ng stamp pad* o uling. Maaari ring ipagamit ang alinmang pangkulay na matatagpuan sa inyong paligid. Matapos pakulayan ang kanilang hinlalaki, ipadiin ito sa isang malinis na papel tulad ng nasa larawan.

Hikayatin ang mga mag-aaral na siyasating mabuti ang mga guhit mula sa kanilang hinlalaki.

Itanong ang mga sumusunod:

a. Ano ang natuklasan mo?
b. Magkapareho ba ang thumb print ninyo ng iyong mga kamag-aral?
c. Maliban sa thumb print, may naiisip ka pa bang ibang mga katangiang pisikal na naiiba sa iyong mga kamag-aral?

Matapos ang aralin, bigyang-diin ang mga kaisipan na nakatala sa kahon.

**Tandaan**

Mayroon kang mga pisikal na katangian na naiiba sa iyong mga kamag-aral tulad ng thumb print, sukat o laki ng katawan, hugis ng mukha, tangos ng ilong, hugis at kulay ng mata, at ang kulay at anyo ng buhok. Nararapat lamang na ipagmalaki mo ang iyong mga angking katangian.

Ang bawat isa sa iyong kamag-aral ay natatangi rin. Dapat mo ring igalang at pahalagahan ang kanilang angking katangian.


**Gawain 3**

Sabihin sa mga mag-aaral na pagmasdan ang nasa larawan

| | |
|---|---|
| **Masaya**  | **Malungkot**  |
| **Gulat**  | **Galit** |

Itanong sa mga mag-aaral kung tuwing kailan nila nararamdaman ang mga damdaming ito.

Magpalaro sa mga mag-aaral. Tulungan silang bumuo ng dalawang pangkat sa klase na may magkasindami ng miyembro. Bawat pangkat ay bubuo ng isang bilog tulad ng larawan na ipinapakita sa ibaba.



Nakatala rito ang mga sitwasyon.

a. May inuwing pasalubong para sa iyo ang iyong tatay.
b. Inagaw at sinira ng iyong kalaro ang paborito mong laruan.
c. Nabalitaan mong nagkasakit ang iyong matalik na kaibigan.
d. Lumabas ka ng kwarto at biglang sumigaw nang malakas ang iyong kapatid.

Basahin ang unang sitwasyong nakatala. Matapos itong basahin, bumilang ng isa hanggang sampu habang dalawang pangkat ng mga mag-aaral ay umiikot na ng magkasalungat. Pagkabilang ng sampu, sabihan ang mga mag-aaral na ipakita sa katapat na kamag-aral ang maaaring maramdaman sa binangggit na sitwasyon.

Ulitin ang gawaing ito sa sumusunod pang sitwasyong babasahin. Maaaring mag-isip pa ng ibang mga sitwasyon maliban sa mga nakatala.

Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

a. Ano ang naramdaman mo habang ikaw ay naglalaro?

b. Magkatulad ba ang damdaming ipinakita mo at ng iyong mga nakatapat na kamag-aral sa iba't ibang sitwasyong nabanggit? Bakit o bakit hindi?


**Gawain 4**

May mga mukha sa loob ng kahon na nagpapakita ng iba't ibang damdamin. Pakulayan ang bawat mukha ng kulay na naiuugnay ng mag-aaral sa iba't ibang damdamin. Ipaguhit din ang mga bagay na dahilan ng kanilang kasiyahan, kalungkutan, pagkagulat, at galit sa paligid ng mukha na nasa loob ng kahon.

**Ang Aking Damdamin**

| Masaya | Malungkot | Gulat | Galit |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |

Bigyang-diin ang mga paglalahat na nakatala sa loob ng kahon.



**Tandaan**

Mayroon kang sariling damdamin. Mayroon ka ring sariling dahilan ng iyong kasiyahan, kalungkutan, pagkagulat, at galit. Katulad mo, ang ibang bata ay mayroon ding sariling damdamin na kailangan mong igalang at kilalanin

**Aralin 1.3. Ang Aking Pangangailangan**


**Pag-isipan**



Ano-ano ang mga kailangan ng mga mag-aaral sa araw-araw?

**Gawain 1**

Sabihin sa mga mag-aaral na pagmasdan ang mga pangyayari sa larawan. Atasan silang pagsunod-sunorin ang mga larawan ayon sa pangyayari. Itanong sa kanila kung alin ang unang naganap at ang mga sumunod na pangyayari dito? Ipasulat ang bilang sa patlang na nasa itaas ng larawan.



Itanong sa mga mag-aaral kung bakit ito ang naisip nilang pagkakasunud-sunod ng mga larawan.

Ipaliwanag sa kanila ang sumusunod na mga ideya:

*Ang tawag sa iyong nabuo ay timeline. Ipinapakita sa atin ng isang* ***timeline*** *kung kailan naganap ang mga pangyayari at kung ano-ano ang mga bagay na nagbago. Upang makagawa ng timeline, isipin ang mga pagkakasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari.*

**Gawain 2**

Ipakita ang timeline ng mga pang-araw-araw na gawain ng isang mag-aaral. Ipaguhit ang iba't ibang bagay na kakailanganin nila sa mga gawaing nakatala.

| Mga Pang-araw-araw na Gawain | Mga Bagay na Kailangan |
|---|---|
| 1 Paggising sa umaga | |
| 2 Pagligo | |
| 3 Pagbihis | |
| 4 Pagkain ng agahan | |
| 5 Pagpunta sa paaralan | |
| 6 Pag-uwi mula sa paaralan | |
| 7 Pagkain ng hapunan | |
| 8 Paghahanda bago matulog sa gabi. | |

Pag-aralan ang timeline at ang mga bagay na

Sabihin sa mga mag-aaral na pag-aralan ang timeline at ang mga bagay na kanilang iginuhit.

Itanong sa kanila ang mga sumusunod;

a. Alin sa mga bagay na ito ang inyong kailangan upang mabuhay?
b. Alin naman sa mga iginuhit mo ang maaari kang mabuhay kahit hindi mo ito makuha o magamit?


Papiliin ang mga mag-aaral ng isang kaklase. Atasan ang bawat isa na ibahagi at ikumpara sa kapareha ang kanilang sagot.

Ipabahagi sa buong klase ang napag-usapan ng mga magkakapares na mag-aaral.

Maaaring mag-isip pa ng ibang gawaing makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang konsepto ng timeline.

**Gawain 3**

Ipasuri ang larawan na nagpapakita ng mga bagay na ginagamit sa araw-araw. Pabilugan ang mga bagay na kailangan nila upang manatiling malakas at malusog ang kanilang pangangatawan at pag-iisip.



Bigyang-diin ang mga kaisipang nakatala sa loob ng kahon.

**Tandaan**

May iba't ibang pangunahing pangangailangan ang bawat bata tulad ng pagkain, damit, tirahan, at mga gamit sa paaralan.

Nagkakaiba-iba ang mga pangangailangan ng bawat bata ayon sa tirahan at sitwasyong nararanasan.

**Aralin 1.4. Ang Aking mga Paboritong Bagay**

**Pag-isipan**



Ano-ano ang mga paborito pagkain ng mga mag-aaral? Damit? Laruan? Lugar na pinupuntahan? Pang-araw-araw na gawain?

**Gawain 1**

Mula sa mga lumang dyaryo o *magazine,* pagupitin ang mga mag-aaral ng mga larawan ng pagkain, damit, laruan, lugar at mga gawain na gustong-gusto nila. Ipadala ang mga ito sa klase.

Bigyan ng isang malinis na papel ang bawat mag-aaral. Atasan ang bawat isa na pagdikit-dikitin ang mga dalang larawan ng mga bagay na gustong-gusto nila at nagpapakilala sa kanila.

Sabihin na ang kanilang ginawa ay isang halimbawa ng collage. Ipaliwanag ang konseptong ito.

*Ang **collage** (ko-láds) ay pinagsama-samang larawan na nagpapakita ng isang malaking ideya.*

Bigyan ng panuto ang mga mag-aaral kung paano gumawa ng isang collage.


*Gamit ang iyong mga ginupit na larawan, handa mo na bang gawin ang iyong collage? Idikit ang mga larawang ito sa isang malinis na papel. Huwag kalimutang ilagay ang iyong pangalan at ang pamagat na "Ito ang Gusto Ko."*

Hikayatin ang bawat mag-aaral na ibahagi sa klase ang natapos nilang collage.



**Gawain 2**

Basahin sa klase ang kuwentong pinamagatang "Gusto ko ng Pansit Ngayon" na isinulat ni Rene O. Villanueva, at iginuhit ni Joseph Paul David.



## Gusto Ko ng Pansit Ngayon

Tuwing kakain sina Diding, tinitiyak ng Nanay at Tatay niya na masustansiya ang kanilang pagkain. May gulay at prutas, may isda at kanin. At may katas ng sariwang prutas para inumin. Laging maganang kumain si Diding. Pero isang araw, nang maghain ng pansit ang Nanay ni Diding, ayaw na niyang kumain ng ibang pagkain.

"Pansit! Pansit! Mahabang pansit.
Ikot-ikot sa tinidor. Dugtong-dugtong, di maputol.
"Pansit! Pansit! Gusto ko ng pansit! Araw-araw akong kakain ng pansit."

'Yon ang sabi ni Diding at ganoon nga ang kanyang ginawa.

Humingi siya ng pansit sa umaga, sa tanghali, sa gabi, pati sa meryenda. Kahit ano ang ihain ng Nanay niya, pansit lang talaga ang gusto niya! Pero isang araw, nagbago ng hilig si Diding.
Longaganisa naman ang nagustuhan niya.

"Mataba, mahaba at mapula.
O kay sarap-sarap ng longganisa.
Paborito ko sa umaga, tanghali o gabi.
Kahit sa meryenda, gusto ko'y longganisa!"

'Yon ang sabi ni Diding, at puro longganisa nga ang kanyang kinain.
Kahit alukin siya ng gulay ng kanyang Tatay. Kahit alukin siya ng isda ng kanyang Nanay.
Longganisa lang ang gusto niyang tunay.
Minsa'y nag-uwi ng siopao ang kanyang Tatay. Mula noo'y puro siopao ang hinahanap ni Diding.

"Siopao ang gusto ko sa almusal. Siopao din sa tanghalian.
Kahit sa hapunan, gusto ko'y siopao. Pati baon ko, puwede po bang siopao?"

'Yon ang sabi ni Diding at puro siopao lang ang kanyang gustong kainin.
Pero hindi tama ang gayon, di ba?
Kung ano ang nakahain 'yon ang dapat kainin.
At ganoon ang sinabi ng Nanay at Tatay niya kay Diding.

Pinatulong nila si Diding sa paghahanda ng pagkain.
Nalaman ni Diding na pinag-iisipan pala ng mabuti ng Nanay at Tatay niya kung ano ang kakainin nila.

"Kailangan, iba-iba," sabi ng Tatay niya.
"Kailangan, masustansiya," sabi ng Nanay niya.

Nalaman din ni Diding na pinaghihirapan nila ang paghahanda ng pagkain nila. Kaya kapag hindi kinakain ni Diding ang pagkaing nakahanda sa mesa, nasasayang ang pagod ng Nanay at Tatay niya. Hindi rin sapat ang sustansiyang nakukuha niya para maging malakas at masigla. Mula noon, hindi na mapili sa pagkain si Diding.
Kung ano ang nakahain, 'yon ang kanyang kinakain.
Sinasabi rin niya 'yon sa bunso nila.
Pero ang sabi nito:
"Pansit! Pansit! Pansit ang gusto ko!"
Matagal pa siguro bago matuto ang bunsong kapatid ni Diding.
Kailangan pang ipaliwanag nang ipaliwanag ni Diding na hindi maaaring puro pansit ang kainin araw-araw.


Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

a. Ano-ano ang mga naging paboritong pagkain ni Diding?
b. Bakit kaya niya naging paboritong pagkain ang mga ito?
c. Tuwing kailan niya kinakain ang kanyang mga paboritong pagkain?
d. Ikaw, ano naman ang paborito mong pagkain?
e. Ano ang pagbabagong nangyari kay Diding nang magkaroon siya ng kapatid?

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang paboritong bagay ng bawat tao ay isa sa mga bagay na nagpapakilala sa kanilang sarili.


**Gawain 3**

Ipagupit at ipadikit sa larawan ng plato ang mga larawan ng pagkain na makikita sa ibaba. Ipaguhit din ang paboritong pagkain sa loob ng larawan ng plato.




**Ang Aking mga Paboritong Pagkain**

Kulayan ang gawain. Ibahagi ito sa klase at sabihin kung bakit ito ang iginuhit mong mga paboritong pagkain?



Pakulayan ang kanilang gawain. Ipabahagi ito sa klase at hikayatin silang ipaliwanag kung bakit ito ang iginuhit nilang mga paboritong pagkain?

Bigyang-diin sa mga mag-aaral na maliban sa kanilang paboritong pagkain, mayroon ding mga pagkain na kailangan nilang kainin upang mapanatiling malusog at malakas ang kanilang pangangatawan.

**Gawain 4**

Magpadala sa mga mag-aaral ng kanilang mga paboritong bagay tulad ng aklat, damit, at laruan.

Ipabahagi sa klase ang kanilang dalang mga paboritong bagay.

**Gawain 5**

Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang larong charades.

*Pahulaan ninyo sa inyong mga kaklase ang iyong paboritong gawain sa pamamagitan ng larong* ***charades****. Ang larong ito ay pagpapahula ng isang bagay sa pamamagitan lamang ng paggawa ng aksyon nang hindi nagsasalita. Bibigyan ko ang bawat kalahok ng isang minuto upang pahulaan ang paboritong gawain.*

Matapos ang larong charades, pagsama-samahin ang mga mag-aaral na may magkakatulad na paboritong gawain. Atasan ang bawat pangkat na magplano ng isang malikhaing presentasyon kung saan maipapakita ang kanilang paboritong gawain.

Bigyang-diin ang kaisipang nakatala sa loob ng kahon.

**Tandaan**


Ang bawat bata ay may kanya-kanyang paboritong bagay, gawain at pagkain. Ang mga ito ang nagpapakilala sa iyo bilang natatanging bata.

**Gawain 6**

Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang konsepto ng pagkakaibigan sa pamamagitan ng mga sitwasyong nasa ibaba.



Sina Ana at Mara ay matalik na magkaibigan. Madalas silang makitang magkasama. Palagi rin silang nagtutulungan. Maraming bagay na pareho nilang gusto tulad ng paglalaro ng piko at bahay-bahayan.




Sina Jun, Anton, at Paco ay matalik na magkakaibigan din. Madalas silang makikitang masayang naghahabulan, naglalaro ng sipa, at nagtataguan. Palagi rin nilang ipinapahiram ang kanilang mga laruan sa isa't isa.

Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:


a. Sino-sino ang iyong mga matalik na kaibigan?
b. Bakit mo sila naging kaibigan?
c. Ano-ano ang mga katangian nila na nagustuhan mo?

Ipasulat sa bawat mag-aaral ang katangiang nagustuhan nila sa kanilang kaibigan sa nakalaang hugis sa ibaba. Ipagupit at ipadikit ito sa iyong inihandang larawan ng isang malaking isda.



Maaaring kopyahin sa isang manila paper ang isdang nakaguhit dito. Tiyaking sapat ang laki nito upang maidikit ng lahat ng mga mag-aaral ang kanilang gawa.

\



Matapos ang gawain, gabayan ang mga mag-aaral sa pag-awit ng kantang "I am Special" sa saliw ng awiting "Are You Sleeping?"

*I am special*
*I am special*
*So are you*
*So are you*
*We can play together*
*We can work together*
*Everyday, everday.*

**Gawain 7**

Ipasuri sa mga mag-aaral ang graphic organizer.





Sabihin ang sumusunod:

Makikita mo sa larawan na may nakasulat sa sombrero ni Jose. Mapapansin mo na ang mga nakasulat ay naglalarawan kay Jose. Ang tawag dito ay **graphic organizer**. Isa itong paraan ng pagbabahagi at pagsasaayos ng mga ideya sa isang malikhaing paraan.

Upang lubos nilang maipakilala ang kanilang sarili, hikayatin silang isipin ang kanilang mga paboritong bagay. Ipaguhit ito sa isang graphic organizer—larawan ng kamay—tulad ng kanilang paboritong gawain, pagkain, at matalik na kaibigan. Ipasulat din ditto ang kanilang pangalan at edad.

**Ang Aking mga Paboritong Bagay at**

**Matalik na Kaibigan**



Pagkatapos gawin ang graphic organizer, atasan ang mga mag-aaral na bumuo ng pangkat na may tig-10 miyembro.

Itanong sa bawat pangkat ang mga sumusunod:

a. Mayroon ba sa inyong mga ka-grupo ang may eksaktong kapareho ng nilalaman ng inyong graphic organizer?

b. Bakit walang mag-aaral na may eksaktong kapareho ng mga isinagot sa graphic organizer?


Bigyang-diin ang kaisipang nasa loob ng kahon.

**Tandaan**

Ikaw ay natatangi. May mga katangian ka na sadyang naiiba sa iyong mga kamag-aral. Ang mga katangiang ito ang nagpapakilala sa iyo. Nararapat lamang na ipagmalaki mo ang iyong mga angking katangian.

**Aralin 2: Pagbahahagi ng Sariling Kuwento ng Buhay**

**PANIMULA**



**Aralin 2.1: Ang Aking Paglaki**


**Pag-isipan**



Ano-anong mga bagay ang nagbabago sa buhay ng mag-aaral?

**Gawain 1**


Ipasuri sa mga mga-aaral ang timeline ng pagbabago na nagpapakita ng paglaki ng isang agila.





Itanong sa kanila ang mga sumusunod:

a. Ano ang napansin mo sa agila?
b. Ano-ano ang napansin mong pagbabago?
c. May alam ka pa bang ibang hayop o insekto na dumaraan sa ganitong pagbabago?
d. Paano mo ito maihahalintulad sa tao ang mga pagbabagong pinagdadaanan ng mga insekto o hayop na natalakay sa klase?
e. Ano-ano ang pagkakatulad ng pagbabagong nangyayari sa tao at hayop o insekto natalakay sa klase? Ano-ano naman ang pagkakaiba?

Ipasuri at ipalarawan sa mga mag-aaral ang timeline ng pagbabago sa buhay nina Mimi at Buboy .






Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:


a. Ano-ano ang mga napansin mong pagbabago sa mga larawan sa dalawang timeline?
b. Ano ang napansin mong pagbabago sa anyo nina Mimi at Buboy?
c. Nagsimula sa anong taong gulang ang timeline?
d. Kailan nagsimula ang timeline? Kailan ito nagtapos?
e. Sina Mimi at Buboy pa ba ang ipinakikita sa huling larawan sa mga timeline?
f. Bakit kaya nagbago ang kanilang anyo?
g. Nakararanas ba ang lahat ng tao ng ganitong mga pagbabago?

Ipasuri ang sumusunod na mga larawan. Ipagupit at ipadikit sa tamang kahon ang bawat larawan ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pagbabagong nagaganap sa isang tao.




**Ang mga Pagbabagong Nagaganap**

**sa Buhay ng Isang Tao**




**Gawain 2**

Ibahagi sa iyong mga mag-aaral ang mga pagbabagong naganap at naranasan mo sa iyong buhay. Ipakita ito sa pamamagitan ng isang timeline. Maaari mong ilagay sa gagawing timeline ang iyong mga larawan mula noong ikaw ay nasa elementarya hanggang maging ganap na guro.



Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga pagbabagong naganap sa iyong buhay sa pamamagitan ng timeline ng iyong buhay.

Bigyang-diin ang kaisipang nasa loob ng kahon.

> **TANDAAN**
>
> Ang bawat tao ay nakararanas ng pagbabago sa kanyang pisikal na anyo. Kasabay ng mga pagbabago sa kanyang katawan ang pagdami ng mga kaya nyang gawin.

**Aralin 2.2. Ang Pagbabago sa Aking Sarili**

**Pag-isipan**



Ano-anong mga pagbabago ang napansin ng mga mag-aaral sa kanilang sarili simula nang sila ay ipinanganak hanggang sa kasalukuyan nilang edad?

**Gawain 1**


Atasan ang mga mag-aaral na ipakwento sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga kung ano-ano ang mga pagbabago sa kanilang sarili ang kanilang napansin mula nang sila ay bata pa hanggang sa kanilang kasalukuyang edad.

Magpadala ng damit, laruan, tsinelas, o sapatos noong ikaw ay sanggol o edad isa o dalawa o tatlo pa lang. Ipakumpara ang mga ito sa kasalukuyang mong mga gamit.

Batay sa impormasyong kanilang nalaman tungkol sa mga pagbabago sa kanilang sarili, magpagawa ng isang timeline ng mga mahahalagang

pangyayari sa kanilang buhay mula noong sila ay isang taong gulang pa lamang hanggang sa kasalukuyan nilang edad.  Iguhit ito sa film strip na makikita sa susunod na pahina.

**Ang mga Mahahalagang Pangyayari sa Aking Buhay**



Ipasalaysay sa klase ang mga pagbabagong naganap sa kanilang sarili batay sa binuong timeline.

**Gawain 2**

Ganyakin ang mga mag-aaral na may dalang personal na gamit na ipakita ang mga ito sa klase. Hikayatin din silang iparinig ang kuwentong ibinahagi ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga tungkol sa kanilang sariling buhay. Atasan ang mga mag-aaral na iugnay ito sa timeline na kanilang ginawa sa Gawain 1.

**Gawain 3**


Tanungin sa mga bata ang mga sumusunod:

a. Ano-ano ang mga bagay na nagbago sa iyong sarili mula noong ikaw ay sanggol hanggang sa kasalukuyan?

b. Mayroon bang mga bagay tungkol sa iyo na nananatili at hindi nagbago kahit lumipas ang mga taon?

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng mga sagot sa nakalaang kahon.

**Ang mga Bagay na Nanatili at Nagbago sa Aking Buhay**





Bigyang-diin ang kaisipang nasa loob ng kahon.

> **Tandaan**
>
> Ang bawat bata ay dumaraan at nakararanas ng pagbabago sa katangiang pisikal at gawain.
>
> Sa kabila ng mga pagbabagong ito, mayroon pa ring mga bagay na nananatili tulad ng pangalan at petsa ng kapanganakan.

**Aralin 3. Pagpapahalaga sa Sarili**

**PANIMULA**



**Aralin 3.1. Ang Aking Pagpapahalaga sa Sariling Katawan**

**Pag-isipan**



Paano pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang katawan?

**Gawain 1**

Basahin ang kwentong pinamagatang "Ang Prinsipeng Ayaw Maligo" na isinulat ni Rene Villanueva, at iginuhit ni Kibby Bongco.



## Ang Prinsipeng Ayaw Maligo

Naliligo ba kayo araw-araw?
Ang kuwentong ito ay tungkol sa isang batang ayaw maligo.
Handa na ba kayong basahin ang ating kuwento?

Sa isang malayong kaharian, may isang munting prinsipe. Ang pangalan niya'y Prinsipe Tsikiting.
Araw-araw, tuwing umaga, pinaliligo siya ng kanyang amang hari at inang reyna.

Pero ang laging sagot niya'y "Ayoko po-o-o!"
Laging may dahilan si Prinsipe Tsikiting para huwag maligo.
"Maligo ka na, Prinsipe Tsikiting," sabi ng kanyang amang hari.
"Nagbabasa pa po ako," sabi ni Prinsipe Tsikiting.
At nagbasa siya nang nagbasa para lang makaiwas sa paliligo.
Minsan naman, paglalaro ang ginagawang dahilan ni Prinsipe Tsikiting.
Tinatagalan niya ang paglalaro para hindi siya makapaligo.
Naglalaro siya ng bahay-bahayan. Naglalaro siya ng holen. Sumasakay siya sa kabayo-kabayuhan.
Laro nang laro si Prinsipe Tsikiting.
Tuwing oras na ng paliligo, ang sagot niya'y "Ayoko po-o-o!'

Isang araw, namasyal sa hardin ng palasyo ang prinsipeng ayaw maligo.
Biglang lumipad palayo ang mga tutubi at paroparo.
"Ang baho-o-o!" sabi nila.
Biglang yumuko ang mga rosas at gumamela.
"Ang baho-o-o!" sabi nila.
"Ang baho ng prinsipeng ayaw maligo!"

Hindi pa rin naligo si Prinsipe Tsikiting.
Iniwasan na lang niyang pumunta sa hardin.
Hindi nagtagal, naramdaman ni Prinsipe Tsikiting na nangangati siya.

Hindi siya makatulog.
Kamot siya nang kamot sa ulo at katawan niya.
Nang gabing-gabi na, dumalaw sa silid ang mga ipis, daga, at langaw.
“Ang baho ng prinsipeng ayaw maligo! Kaya kaibigan natin siya!” sabi nila.
Ayaw ni Prinsipe Tsikiting na maging kaibigan ang mga ipis, daga at langaw.
“Marurumi sila. Ayoko sa kanila,” sabi niya.
Alam ba ninyo kung ano ang ginawa ni Prinsipe Tsikiting?
Pagkagising, agad nagpunta sa banyo si Prinsipe Tsikiting.
Naligo siya.
Sinabon niya nang mabuti ang kanyang buhok at katawan.
Nagbuhos siya nang nagbuhos ng tubig para luminis ang kanyang katawan.
Mula noon, araw-araw na siyang naliligo.

Ngayon, kapag dumadalaw sa hardin si Prinsipe Tsikiting, hindi na lumalayo ang mga tutubi at paroparo.
Hindi na rin yumuyuko ang mga rosas at gumamela.
At hindi na rin siya nangangati.
Lagi nang naliligo si Prinsipe Tsikiting.

Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

a. Ano ang pangalan ng bidang prinsipe sa kuwento?
b. Ano ang ayaw niyang gawin?
c. Ano ang mga sinasabi niyang dahilan kung bakit ayaw niyang maligo?
d. Sa iyong palagay, ano ang totoong dahilan ng prinsipe kung bakit ayaw niyang maligo?
e. Ano ang nangyari sa kanya dahil sa ayaw niyang maligo?
f. Nagustuhan ba niya ang nangyari sa kanya? Paano mo nasabi ito?
g. Ano ang ginawa ng prinsipe nang nilayuan siya ng mga bulaklak at nilapitan siya ng mga peste?
h. Bakit kaya kailangang lagi tayong naliligo?
i. Ano-ano pa ang maaari nating gawin upang mapangalagaan natin ang ating katawan?

j. Ano-ano ang maaaring mangyari kung hindi natin aalagaan ang ating katawan?


**Gawain 2**

Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga larawan na nasa loob ng bawat kahon. Atasan silang lagyan ng tsek (✓) ang larawang nagpapakita ng wastong pangangalaga sa katawan at lagyan naman ng (**X**) ekis ang nagpapakita ng di-wastong gawi.













Bigyang-diin ang kaisipang nasa loob ng kahon.

**TANDAAN**

Mahalagang pangalagaan ang iyong katawan.

May iba't ibang gawain na maaari mong gawin upang mapanatiling malusog ang iyong katawan.

**Aralin 3.2. Ang Pagpapaunlad sa Aking Kakayahan**

**Pag-isipan**



Ano-ano ang mga kaya gawin ng mga mag-aaral? Paano nila pinauunlad ang kanilang mga kakayahan?

**Gawain 1**

Ipakita sa mga mag-aaral ang larawan ni Roselle R. Ambubuyog. Itanong sa kanila kung kilala nila ang batang nasa larawan.



Isalaysay ang kuwento ng buhay ni Roselle Ambubuyog.

Roselle Ambubuyog

Anim na taong gulang si Roselle R. Ambubuyog nang siya ay mabulag. Bunga ito ng masamang epekto ng Steven Johnson's Syndrome (SJS). Isa itong labis na reaksyon ng panlaban ng katawan o tinatawag na immune system sa mga kemikal na nalalanghap o nadidikit sa katawan ng tao. Naranasan niya ito labindalawang araw matapos niyang inumin ang gamot na ibinigay sa kanya ng kanyang doktor para sa kanyang karamdaman noong bata pa siya.

Nangarap at nanatiling matatag si Roselle kahit siya ay nabulag. Nag-aral siyang mabuti at nagkamit ng napakaraming parangal. Nagtapos siya sa elementarya sa Batino Elementary School at Ramon Magsaysay High School nang may pinakamataas na karangalan. Nag-aral siya ng kursong BS Mathematics sa Ateneo de Manila. Nagtapos siya sa paaralang ito noong 2001 ng may parangal na summa cum laude, pinakamataas na parangal na maaaring makamit ng mag-aaral sa kolehiyo. Siya ang kauna-unahang bulag na nagkamit ng ganitong parangal sa Ateneo. Sa kanyang pagtatapos sa unibersidad, binanggit niya ito sa kanyang talumpati,

"*All of us have our own disabilities. Mine is more obvious. I can represent what it means to go beyond one's limitations with determination, perseverance, the help of others, and the grace of God*."

Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

a. Bakit nabulag si Roselle?
b. Ano ang naramdaman mo pagkatapos mong malaman ang kuwento ng buhay ni Roselle?
c. Ano-ano ang nakamit niyang tagumpay?
d. Paano siya nagtagumpay bilang mag-aaral?
e. Ano-anong katangian ni Roselle ang maaari mong tularan?

Sa kabila ng kapansanan ni Roselle, nagpatuloy siyang mangarap. Nagawa niyang ipamalas ang kanyang katalinuhan. Hindi siya pinanghinaan ng loob dahil sa tulong ng mga taong nagmamahal sa kanya at paniniwala sa Diyos.

**Gawain 2**

Tulungan ang mga mag-aaral na punan ng sagot ang mga patlang.

Ako si ______________________________.

Kaya kong ________________________.

Upang maging mas mahusay, ako ay dapat _______________________________.

Bigyang-diin ang mga kaisipang nasa loob ng kahon:

**TANDAAN**

Mahalagang paunlarin ang iyong mga kakayahan. May iba't ibang gawain na maaari mong gawin upang mapaunlad ang iyong mga kakayahan.

**Aralin 3.3. Ang Aking mga Pangarap**

**Pag-isipan**



Ano-ano ang mga nais magawa, makamit o matupad ng mga mag-aaral sa kanilang buhay?

**Gawain 1**

Sabihin sa mga mag-aaral na pagmasdan ang mga taong nasa larawan sa ibaba.



Haja Amina



Lea Salonga



Soccoro Ramos



Josette Biyo



Kenneth Cobonpue



Manny Pacquiao



Tony Tan Caktiong




Jose Rizal

Sabihin sa mga mag-aaral--
Minsan din silang naging isang batang katulad ninyo. Sa kanilang pagsisikap, natupad nila ang kanilang mga pangarap. Ang mga **pangarap** ay mga bagay na nais mong magawa, makamit o matupad sa iyong buhay. Ano-ano ang iyong mga pangarap?

**Gawain 2**


Atasan ang mga mag-aaral na pumikit at paganahin ang kanilang imahinasyon. Tanungin sila kung ano ang nakikita nilang ginagawa nila dalawampung (20) taon mula ngayon. Ipaguhit ito sa loob ng bubble.



**Gawain 3**


Ipasuri sa mga mag-aaral ang larawan ng isang malaki at dalawang maliliit na bituin. Ipasulat sa gitna ng malaking bituin ang kanilang pangalan. Sa paligid nito, ipaguhit ang bagay o mga bagay na nagpapakita ng kanilang pangarap. Sa dalawang maliliit na bituin naman, ipaguhit ang mga dapat

nilang gawin upang matupad nila ang kanilang mga pangarap. Ipakita sa mga mag-aaral ang halimbawa bago nila ito simulang gawin.




Pabutasan ang maliliit na bituin katulad ng nasa larawan at palagyan ito ng tali. Palagyan din ng butas ang malaking bituin. Sa bawat butas nito, ipatali ang dalawang maliliit na bituin. Tulungan silang isabit ito sa bintana o kisame ng inyong silid-aralan.

**Ang Aking mga Pangarap**



Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

a. Mahalaga ba para sa iyo ang pangarap mo?
b. Bakit kaya mahalagang magkaroon ng pangarap ang isang tao?

Bigyang-diin ang kaisipang nasa loob ng kahon.

**Tandaan**

Bawat bata ay may sariling pangarap. May mga kailangan kang gawin upang makamit mo ang iyong pangarap.

Sa huling bahagi ng Yunit I, tulungan ang mga mag-aaral na sagutin ang ebalwasyon ng kanilang mga nagawa at natutuhan. Matapos nila itong gawin, sagutan ang hanay para sa ebalwasyon mo sa kanilang mga kasanayan at kaalaman.

## Ang Aking mga Nagawa

**Panuto.** Makinig sa babasahin ng guro**.** Lagyan ng tsek ang angkop na kahon sa iyong sagot.




| | Mag-aaral | Guro |
|---|---|---|
| 1. Nasabi ko ang mga impormasyon tungkol sa aking sarili. | | |
| 2. Natukoy ko ang mga bagay na gusto ko. | | |
| 3. Naikumpara ko ang aking pisikal na katangian, at mga karanasan sa aking mga kamag-aral. | | |
| 4. Naipagmalaki ko ang mga taglay kong katangian. | | |
| 5. Nakagawa ako ng collage. | | |
| 6. Nakabuo ako ng timeline. | | |
| 7. Nakagawa ako ng graphic organizer. | | |
| 8. Naisaayos ko ang mga larawan ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga ito. | | |
| 9. Naisaayos ko ang mga larawan ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga ito. | | |

**Nagamit ko ang mga kasanayang ito: Nagawa ko ang mga bagay na ito:**

| | **Mag-aaral** | **Guro** |
|---|---|---|
| |  |  |
| 1. Nasunod ko ang mga panuto. | | |
| 2. Nagamit ko ang aking mga kasanayan sa sining. | | |
| 3. Nagbahagi ako ng aking kuwento sa aking mga kamag-aral. | | |
| 4. Nakinig ako sa kuwento ng aking guro. | | |
| 5. Nakinig ako sa kuwento ng aking kaklase. | | |
| 6. Nakapaghambing ako ng iba’t ibang mga bagay. | | |
| 7. Natukoy ko ang mga bagay na gusto ko. | | |
| 8. Naipaliwanag ko ang mga bagay na may kinalaman sa aking sarili. | | |
| 9. Napahalagahan ko ang aking sarili. | | |

| **Naipapahayag ko ang mga ito tungkol sa aking sarili:** | **Mag-aaral** | **Guro** |
|---|---|---|
| 1. Nasasabi ko na ako ay natatangi. | | |
| 2. Nasasabi ko na may mga bagay na nanatili at nagbago sa aking sarili. | | |
| 3. Naipagmamalaki at napahahalagahan ko ang aking sarili. | | |
| 4. Iginagalang ko ang mga pisikal na katangian, at karanasan ng aking mga kamag-aral. | | |

**Komento ng iyong guro:**

## Yunit 2: Ang Aking Pamilya

**PANIMULA**

Sa yunit na ito, matutuklasan ng mga mag-aaral ang kanilang ugnayan sa mga grupong kanilang kinabibilangan. Pangunahin sa mga grupong ito ang kanilang pamilya. Matutukoy at mailalarawan rin nila ang mga kasaping bumubuo sa kanilang pamilya at ang iba't ibang gawain ng bawat kasapi. Mapahahalagahan din nila ang pagsunod sa iba't ibang alituntunin ng pamilya para sa pagpapanatili ng kaayusan at masayang pagsasama ng mga kasapi nito.

Mauunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto ng pagbabago at pagpapatuloy sa pamamagitan ng pagsusuri sa mahahalagang pangyayari sa buhay ng kanilang pamilya at paghahambing nito sa pamilya ng kanilang mga kamag-aral. Mabibigyang halaga din nila ang pamilyang kanilang kinabibilangan at ang mabuting pakikipag-ugnayan nito sa iba pang pamilya.

**MGA TEMA**

Nakapaloob sa mga aralin sa Yunit 2 ang mga sumusunod na tema:

4. Tao, Kapaligiran, at Lipunan
5. Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago
6. Kultura at Pagkakakilanlan

**MGA LAYUNIN**

Matapos ang pag-aaral ng Yunit 2 gamit ang modyul na ito, inaasahang magagawa ng iyong mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. Nasasabi na ang bawat pamilya ay may katangi-tanging katangian
2. Nakatutupad sa mga alituntunin ng pamilya
3. Naipagmamalaki ang pamilya
4. Napahahalagahan ang mabuting pakikipag-ugnayan sa ibang pamilya
5. Napahahalagahan ang ugnayan ng sariling pamilya sa ibang pamilya

**MGA KASANAYANG MALILINANG**

| | |
|---|---|
| Komunikasyon | pagbabahahagi ng impormasyon<br>pagsasalaysay<br>pakikinig sa paliwanag, kuwento, at salaysay<br>pakikipanayam<br>pagsusulat/pagbubuo ng liham<br>pagsusulat ng impormasyo sa chart |
| Mapanuring pag-iisip | pagsusuri<br>paghahambing<br>pagbubuo ng timeline<br>pagbubuo ng bar graph<br>pagpapangkat ng mga impormasyon<br>pagsusuri ng mga larawan |
| Malikhaing pag-iisip | paggawa ng puppet<br>pagguhit<br>paggawa ng family tree<br>paggawa ng mosaic |
| Pagpapahalaga | pagkilala sa mahalagang bahaging ginagampanan ng bawat kasapi ng pamilya<br>paggalang sa paniniwala at damdamin ng kapwa<br>pakikiisa sa mga pangkatang gawain<br>pagtapos sa gawain sa takdang oras |
| Paglahok | paglalaro<br>pakikilahok sa talakayan<br>pagbabasa/pagbibigkas ng tula<br>pag-awit<br>pagsasadula |

**Iminumungkahing Oras na Ilalaan upang Matapos ang Yunit 2**

**50 sesyon; 30 minuto araw-araw sa bawat pagkikita**

**PANIMULA**

**Aralin 1** **Pagkilala sa mga Kasapi ng Pamilya**



**Aralin 1.1. Ang Aking Pamilya**


**Pag-isipan**




Sino-sino ang mga kasapi ng pamilya ng mga mag-aaral?

**Gawain 1**

Ipaguhit sa mga mag-aaral ang kanilang pamilya sa loob ng bahay na makikita sa ibaba. Maaaring ipagawa ang gawaing ito sa isang malinis na papel.




Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang masasabi nila sa kanilang mga pamilya gamit ang larawang iginuhit. Gumawa ng isang concept map tulad ng nakalarawan sa ibaba. Isulat sa concept map ang mga susing salita *(key words)* na mababanggit ng iyong mag-aaral.




Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang pamilya ay ang pangunahing grupong kanilang kinabibilangan. Ipaliwanag din na ang bawat pamilya ay may magkakatulad na katangian saan mang lugar naninirahan ang mga ito. **<u>Tandaan</u>** na ang talakayan tungkol sa pamilya ay isang sensitibong usapin. Sa pagtuturo o paglalarawan tungkol sa kasalukuyang anyo ng iba't ibang pamilya, mainam na magkaroon ng isang bukas na isipan at isaalang-alang ang damdamin at sitwasyon ng bawat mag-aaral. Sa halip na gawing halimbawa ang buhay ang pamilyang kinabibilangan ng iyong mga-aaral, mainam na gumamit ng mga kuwento ng pamilya mula sa mga aklat pambata.

Sa huli, pagsama-samahin ang mga iginuhit ng mag-aaral upang makabuo ng isang *family quilt.*



**Gawain 2**

Gabayan ang iyong mga mag-aaral sa paglalagay ng impormasyon sa mga patlang. Kung ipagagawa ito sa kanilang bahay, sabihin na maaari rin silang humingi ng tulong sa kanilang magulang o tagapag-alaga.

Ako si ________________________________________.
(Ano ang iyong pangalan?)

______________________________ ang kasapi ng aking
(Ilan ang kasapi ng inyong pamilya?)
pamilya.

Si _________________________________ ang aking ama.
(Ano ang pangalan ng iyong ama?)

Si _________________________________ ang aking ina.
(Ano ang pangalan ng iyong ina?)

Si/ Sina ____________________________________________
(Kung mayroon kang kapatid o mga kapatid, ano o ano-ano ang kanilang mga pangalan?)
ang aking kapatid/ mga kapatid

**Gawain 3**

Sabihin sa mga mag-aaral na magpatulong sa mga kasapi ng kanilang pamilya upang masagutan ang gawaing ito.

Ang ama ko ay si ________________________________________.

Siya ay ___________________________________ taong gulang.

Hilig niyang mag___________________________________________.

Ang ina ko ay si__________________________________________.

Siya ay ___________________________________ taong gulang.

Hilig niyang mag ___________________________________________.

Si __________________________________________ay kapatid ko.

Siya ay ___________________________________taong gulang.

Hilig niyang mag___________________________________________.


**Gawain 4**

Ipasuri  ang larawan sa ibaba na nagpapakita ng mga lugar na pinasyalan ng pamilya ni Bing.

Sabihin sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

*Ito ay isang halimbawa ng bar graph. Ipinapakita nito ang bilang ng oras o tagal na inilagi ng pamilya ni Bing sa bawat lugar na kanilang pinasyalan. Ang **bar graph** ay isang uri ng graph na gumagamit ng mga bar upang ipakita ang bilang o dami ng isang bagay.*

Bilang ng Oras na Inilagi ng Pamilya ni Bing sa mga Lugar na Kanilang Pinasyalan




Ipaliwanag sa mga mga-aaral kung paano ginagamit ang bar graph.


*Sa paggamit ng **bar graph,** mahalagang tingnan muna ang pamagat nito upang malaman kung ano ang ipinapakita ng graph. Ang pamagat ng bar graph na makikita sa itaas ay "Bilang ng Oras na Inilagi ng Pamilya ni Bing sa mga Lugar na Kanilang Pinasyalan." Sa pinakaibabang bahagi ng graph makikita ang mga lugar na pinasyalan ng pamilya ni Bing. Sa gilid naman* nito

*makikita ang bilang ng oras o tagal na inilagi nila sa iba't ibang lugar. Ang bawat bar sa graph ang nagsasabi kung ilang oras ang inilagi ng pamilya sa bawat lugar. Ituro ang iyong daliri sa bar para sa simbahan. Umaabot lamang ito sa bilang dalawa (2). Nangangahulugan ito na dalawang oras ang inilagi ng pamilya ni Bing sa simbahan. Ilang oras ang inilagi nila sa parke?*

**Gawain 5**

Bigyan ang bawat mag-aaral ng papel na hugis parisukat na may sukat na 2" x 2". Tiyakin na ang bilang nito at kasindami ng mga taong nakatira sa bahay na inuuwian ng bata. Sa tulong ng kanilang magulang o tagapag-alaga, ipasulat sa bawat parisukat ang pangalan ng mga kasapi ng kanilang pamilya. Ipadala ang mga ito sa klase sa susunod na pagkikita.

Bumuo ng mga pangkat na may tig-lilimang kasapi. Magpagawa sa bawat pangkat ng bar graph na nagpapakita ng bilang ng mga kasapi ng kanilang pamilya. Ipalabas ang mga papel na hugis parisukat na may nakasulat na pangalan ng mga kasama nila sa bahay. Ito ang gagamitin nilang bar sa gagawing bar graph. Maghanda ka ng mga graph. Kung ilan ang bilang ng mga nabuong pangkat, ito rin ang bilang ng iyong gagawing graph. Gayahin ng graph na nasa ibaba.



Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod.

a. *Ano ang napansin ninyo sa inyong binuong graph?*
b. *Mayroon ba kayong mga kaklase na may kasindami ng kasapi ng inyong pamilya?*

Bigyang-diin ang mga kaisipang nasa loob ng kahon

**TANDAAN**

Ikaw ay bahagi ng isang pamilya.

May iba't ibang kasaping bumubuo sa iyong pamilya.

May pamilyang marami ang kasapi. May pamilya ring kaunti ang kasapi.

**Aralin 1.2. Ang Bahaging Ginagampanan ng mga Kasapi ng Aking Pamilya**

**Pag-isipan**



Ano-ano ang ginagawa ng mga kasapi ng pamilya ng mga mag-aaral sa loob ng kanilang bahay?

**Gawain 1**

Ituro ang kahulugan ng sumusunod na mga salita:

1. papel de liha – magaspang na papel na ginagamit sa pangkinis ng kahoy
2. pang-isis – isang uri ng panlinis sa bahay
3. imis-imis – masipag maglinis at mag-ayos ng bahay

Itanong ang mga sumusunod:

a. *Anong mga gawaing bahay ang alam mo?*
b. *Sino ang palagi mong nakikitang gumagawa ng gawaing bahay tulad ng paglilinis, pagkumpuni ng mga sirang gamit, at pagluluto?*

*Sabihin sa mga mag-aaral na tuklasin sa mapakikinggang kuwento kung sino ang laging gumagawa ng mga gawaing bahay na natalakay.*

**Gawain 2**

Basahin ang kuwentong pinamagatang "Papel de Liha" na isinulat ni Ompong Remegio at iginuhit ni Beth Parocha-Doctolero.




**Papel de Liha**

Ang nanay ko, ang imis-imis.
Pag may duming nakadikit, kiskis dito, kiskis doon.
Pag may mantsa sa damit, kuskos dito, kuskos doon.
Pag may sebo sa kawali, kaskas dito, kaskas doon.

Dadako siya sa sala at mag-aayos.
Pag may diyaryong nakakalat, ligpit dito, ligpit doon.
Pag may turnilyong maluwag, higpit dito, higpit doon.
Pag may maumbok na kutson, pitpit dito, pitpit doon.

Papasok siya sa kusina at magbubusisi.
Pag may ulam na malamig, salang dito, salang doon.
Pag may isdang sariwa, sigang dito, sigang doon.
Pag may kalan na tabingi, kalang dito, kalang doon.

Tutuloy siya sa silid at titingnan ang aking gamit.
Pag may sintas na maluwag, tali dito, tali doon.
Pag may tastas na laylayan, tahi dito, tai doon.
Pag may butas na pundilyo, tagpi dito, tagpi doon.

Gagawi siya sa paliguan at mag-uusisa
Pag may wee-wee na nakita, buhos dito, buhos doon.
Pag may aah-aah na naiwan, buhos dito, buhos doon.
Pag may ooh-ooh na sumingit, buhos dito, buhos doon.

Ilkot siya sa bakuran, sa may halamanan.
Pag may dahong naglalaglagan, walis dito, walis doon.
Pag may ipot ng ibon, palis dito, palis doon.
Pag may uod na naipon, alis dito, alis doon.

'Yan si nanay, ang imis-imis.
Maghapon at magdamag, kiskis-kuskos.
Higpit-ligpit, salang-sigang.

Isang araw dumating si Tita Maring.
Ang sabi niya: “ Ano ba naman Milagring!
Kaskas-kiskis-kuskos ka nang kaskas-kiskis-kuskos kaya kumapal at gumaspang ang mga palad mo.
Parang papel de liha na pang-isis.
Hinay-hinay ka lang at magpalambot ng balat at baka hindi na hawakan ni Turing ang kamay mo.
Hindi na hahawakan ni Tatay ang kamay ni Nanay?
Bakit? Anong papel de liha?

Naghanap ako sa bahay ng papel de liha,
Pero papel de hapon lang ang nakita ko.
Pumunta ako sa tindahan ni Aling Epang
At bumili ako ng papel de liha.

Magaspang ito. Mahapdi sa balat.
Gasgas ang kahoy sa isang kaskas.
Nisnis ang damit sa isang isis.
Ganito nga ba kagaspang ang kamay ni nanay?

Minsan, nilagnat ako at napilitang mahiga.
Si nanay, tumabi sa akin.
Nang tumaas ang lagnat ko, punas dito, punas doon.
Nang sumama ang pakiramdam ko
Lunas dito, lunas doon.
Nang sumakit ang mga buto ko, himas dito, himas doon.

Pero bakit hindi mahapdi ang himas ni nanay?
Bakit hindi nagasgas ang balat ko nang humimas at humaplos siya sa akin?
Lalo akong guminhawa sa bawat himas ni Nanay.
Mali si Tita Maring.
Hindi papel de liha ang mga palad ni Nanay.

Nang magaling na ako, nakita ko na naman si Nanay na umiikot sa bahay.
Pag di pantay ang laylayan ng kurtina, lilip dito, lilip doon.
Pag may bubuwit sa silong, silip dito, silip doon.

Pag may palay sa bigas, tahip dito, tahip doon.
Pag may laruang nakakalat, kipkip dito, kipkip doon.
Pag nabukulan ako, kapkap dito, kapkap doon.
Pag may ligaw na kuting, kupkop dito, kupkop doon.

Pero di ko pa rin matiis na tanungin si Nanay kung bakit nasabi ni Tita Maring na papel de liha ang mga palad niya?

"Anak, makapal at magaspang na ang mga palad ko dahil sa kakatrabaho," ang sabi niya.
Iniiisip ko, pinalambot ng magaspang na kamay ni Nanay ang unan sa ulo ko.
Ang manok sa nilaga.
Ang kutson sa upuan.
Ang medyas at kamiseta ni Tatay.
Ang lupang batuhan.
Pati lumang pandesal lumambot din.

Pumunta ako kay nanay at humawak sa kamay niya
Pakiramdam ko, kahit kailan, ayaw ko nang bumitiw pa.

Talakayin ang nilalaman ng kuwento. Itanong ang mga sumusunod sa mga mag-aaral:

a. *Sino ang palaging gumagawa ng trabahong bahay sa ating kuwento?*
b. *Ano-ano ang mga binabanggit na ginagawa niya?*
c. *Sa inyong bahay, sino naman ang gumagawa nito?*
d. *Bakit kaya kailangang gawin ang mga gawaing bahay na ito?*
e. *Sino ang nakapansin sa palaging ginagawa ni Nanay?*
f. *Ano ang sinabi niya? Sino ang nakarinig nito?*
g. *Ano ang naramdaman ng bata nang marinig niya ito?*
h. *Naintindihan ba ng bata ang binanggit ni Tita Maring?*
i. *Ano ang ginawa ng bata para maintindihan niya?*

*j. Ano ang nangyari sa bata? Sino ang nag-alaga sa kanya? Ano ang kanyang naisip?*


*k. Ano ang paliwanag ni Nanay sa sinabi ni Tita Maring?*

l. Ano ang naisip ng bata? Ano ang naramdaman niya?

**Gawain 3**

Gamit ang larawan ng dalawang kamay, ipasulat sa patlang ang tawag ng mga mag-aaral sa kanilang ama at ina o kanilang tagapag-alaga.

____________________________ ____________________________



Ipaguhit sa loob ng bawat daliri nag
larawan ngkamay ang iba't ibang gawain ng kanilang magulang o
tagapag-alaga sa kanilang bahay.

**Gawain 4**

Basahin kasama ng mga mag-aaral ang tula na pinamagatang "Ang Aming Mag-anak" na nakuha mula sa internet(http://www.takdang aralin.com/Filipino/mga-tulang-pambata/mga-tula-tungkol-sa-pamilya/).

**Ang Aming Mag-anak**

Ang aming mag-anak ay laging masaya,
Maligaya kami nina ate at kuya.
Mahal kaming lahat ni ama't ina,
Mayroon ba kayong ganitong pamilya?

Kahit sa paggawa'y pagod ang katawan,
Tulong ni ama ay laging nakaabang
Suliranin ni ate ay nalulunasan,
Sa tulong ni inang laging nakalaan.


Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

a. *Sa ating tula, ilan ang kasapi ng pamilya?*
b. *Sino-sino ang mga ito?*
c. *Ano ang nararamdaman ng pamilya?*
d. *Paano mo ito nasabi?*
e. *Ano-ano ang ginagawa nila sa isa't isa?*
f. *Sa iyong palagay, tama kaya ito? Bakit oo, o bakit hindi?*

**Gawain 5**

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng pangkat na may tig-lilimang kasapi. Bigyan ang bawat mag-aaral ng popcycle stick o anumang maliit na

sanga na may habang 3 inches. Bigyan din ang mga mag-aaral ng isang cut-out na papel na hugis bilog na sinlaki ng nasa ibaba.



Padisenyuhan ang bawat stick at guhitan ng mukha ang mga hugis bilog na papel upang maipakita ang iba't ibang kasapi ng pamilya. Ang inyong binuo ay isang halimbawa ng puppet.



Gamit ang ginawang puppet, sabihin ninyo ang  pang-araw-araw na gawain ng bawat kasapi ng inyong pamilya. Ipakita rin kung paano nagtutulungan ang bawat kasapi.

**Gawain 7**

Ituro at sabay-sabay na kantahin ang awit na "Masaya kung Sama-sama."

Masaya kung sama-sama,
Sama-sama, sama-sama

Masaya kung sama-sama,
At nagtutulungan.

Kay-inam ng buhay
Kung nagmamahalan
Masaya kung sama-sama
Ang buong pamilya.

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

**Tandaan**

Ang bawat kasapi ng iyong pamilya ay mahalaga. Bawat isa sa kanila ay may bahaging ginagampanan sa inyong pamilya.

**Aralin 1.3. Ang Aking mga Tungkulin sa Pamilya**


**Pag-isipan**



Ano-ano ang mga tungkulin ng bawat mag-aaral sa kanilang pamilya?

**Gawain 1**

Ipasuri ang mga larawan sa ibaba na nagpapakita ng isang araw ng mga gawain sa pamilya ni Ben. Ipalarawan sa mga mag-aaral kung ano ang ginagawa ni Ben sa bawat larawan.



Itanong at talakayin ang mga sumusunod:

a. *Ano ang napansin mong ginagawa ni Ben at kanyang mga kapatid?*
b. *Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa nila? Bakit?*
c. *Ano kaya ang nararamdaman ng mga magulang ni Ben sa ginagawa nilang magkakapatid?*
d. *Alin sa mga gawaing ito ang iyong ginagawa sa inyong tahanan?*

Talakayin sa klase ang mga sumusunod na ideya:

*Ang mga nasa larawan ay nagpapakita ng mga tungkulin ng mga bata sa kanilang tahahan. Ang mga* ***tungkulin*** *ay mga bagay na dapat mong gawin upang mapanatili ang kaayusan, katahimikan, at masayang pagsasama sa isang pamilya.*

*May naiisip pa ba kayong ibang mga tungkulin ninyo sa inyong tahanan? Ano-ano ang mga ito?*

**Gawain 2**

Ipasuri ang mga larawang nakatala sa tsart. Ipatukoy sa mga mag-aaral kung alin sa mga ito ang nagpapakita ng pagtupad sa mga tungkulin.

Iguhit ang masayang mukha ☺ sa mga larawang nagpapakita ng pagtupad sa tungkulin, at malungkot na mukha ☹ naman sa hindi nagpapakita ng pagtupad sa tungkulin.

| **Gawain** | ☺ <u>**o**</u> ☹ |
|---|---|
|  | |
|  | |
| **Gawain** | ☺ <u>**o**</u> ☹ |
|  | |

| | |
|---|---|
|  | |
|  | |

**Gawain 3**

Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-analisa ng tsart ng kanilang mga tungkulin sa kanilang pamilya. Palagyan ng tsek ang mga natutupad nilang tungkulin sa bawat araw.

| **Mga Tungkulin sa Pamilya** | **Lunes** | **Martes** | **Miyer-kules** | **Huwe-bes** | **Biyern es** |
|---|---|---|---|---|---|
|  | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
|  | | | | | |
|  | | | | | |
|  | | | | | |
| | | | | | |
|  | | | | | |
|  | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
|  | | | | | |
|  | | | | | |

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.


**Tandaan**

Mayroon kang iba't ibang tungkulin sa iyong pamilya.

Mahalagang tuparin ang iyong mga tungkulin upang mapanatili ang kaayusan, katahimikan, at masayang pagsasama ng inyong pamilya.

**Aralin 2. Pagbabahagi ng Kuwento ng Sariling Pamilya**

**Panimula**



**Aralin 2.1. Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ng Aking Pamilya**

**Pag-isipan**




Ano-ano ang mga pangyayari sa buhay ng pamilya ng bawat mag-aaral na nagdulot ng kaligayahan sa kanila?

**Gawain 1**

Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng tatlong nangyari sa kanilang pamilya noong nakaraang araw. Ipaguhit ang mga ito sa kahon ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

## Ang Tatlong Bagay na Nangyari sa Akin Kahapon

Ibahagi sa mga mag-aaral ang kuwento ng iyong buhay. Bigyan ng pokus ang tungkol sa mahahalagang pangyayari sa buhay ng iyong pamilya. Maaari kang magdala ng mga larawan ng mga makabuluhang pangyayari sa iyong buhay at pamilya.



Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang sariling kuro-kuro tungkol sa iyong ibinahagi sa kanila. Sabihin sa kanila na nakatulong ang mga pangyayaring iyong naibahagi sa klase sa pag-unlad mo at sa kung anoman ang iyong narating ngayon.

**Gawain 3**

Ipasuri sa mag-aaral ang larawan na nasa ibaba.



Itanong sa kanila ang mga sumusunod:

*Ano ang nakikita sa larawan?*

*Sino-sino ang nakikita sa larawan?*

*Anong pangyayari ang inilarawan?*

*Ano ang nararamdaman ng mga tao sa larawan? Bakit?*


*Mahalaga kaya ang pangyayaring ito para sa pamilyang nakikita sa larawan? Bakit mo ito nasabi?*

*Ano-ano pa kayang pangyayari sa buhay ng pamilya ang maituturing na mahalaga?*

**Gawain 4**

Gabayan ang mga mag-aaral na mag-isip ng limang mga pangyayari tungkol sa buhay ng kanilang pamilya. Mas mainam na bago ang gawaing

ito ay naatasan na ang mga mga-aaral na kapanayamin ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Ipaguhit sa mga mag-aaral ang bawat pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod sa loob ng mga larawan ng bahay.



**Gawain 5**

Ipabahagi sa klase ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay ng pamilya ng mga mag-aaral batay sa kanilang ginawang timeline.


Tanungin ang mga mag-aaral: *Ano ang naramdaman mo habang ibinabahagi mo ang kuwento ng buhay ng iyong pamilya?*

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

> **Tandaan**
>
> May mahahalagang pangyayari sa buhay ng iyong pamilya. Bahagi ang mga ito ng iyong buhay at makatutulong ang mga ito sa pagpapabuti ng iyong sarili.

**Aralin 2.2. Mga Bagay na Nagbago at Nagpatuloy sa Aking Pamilya**

**Pag-isipan**




Ano-ano ang mga bagay o pangyayaring nagbabago o nagpapatuloy sa pamilya ng mga mag-aaral?

**Gawain 1**

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng panuto:

*Ito ang pamilya ni Laya noong isilang siya at noong naging anim na taong gulang na siya. Subukin mong tukuyin at kulayan ng berde ang mga nagbago sa dalawang larawan.*

Larawan 1



**Gawain 2**


Magdaos ng isang malayang talakayan. Gabayan ang mga mag-aaral na maibahagi ang kanilang sariling obserbasyon tungkol sa mga nakitang larawan. Itanong kung ano-ano ang mapansin nilang nagbago at nagpatuloy sa mga nasa larawan ang nagbago at nagpatuloy o ang hindi nagbago.

Narito ang mga gabay na tanong tungkol sa gawaing ito :

a. *Ano ang masasabi mo sa bilang ng mga kasapi ng pamilya sa larawan 1 at larawan 2?*
b. *Ikumpara ang itsura ni Laya at ng mga kasapi ng pamilya na nasa larawan 1 at nasa Larawan 2.*
c. *Ano ang masasabi mo sa kanilang bahay, at sa kapaligiran nito kung ikukumpara mo ang larawan 1 sa larawan 2?*

**Gawain 3**

Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang timeline. Hamunin ang mga mag-aaral na mag-isip ng tatlong mahahalagang pangyayari sa kanilang pamilya matapos silang isilang . Sabihan ang mga mag-aaral na ipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring ito sa pamamagitan ng pagguhit ng mga ito sa loob ng mga kahon.



**Gawain 4**

Ipasuri ang natapos nilang timeline. Ipatukoy sa mga mag-aaral kung ano ang mga bagay na nagbago at hindi nagbago o nagpapatuloy sa buhay ng kanilang pamilya. Ipaguhit o ipasulat ang mga nagbago at nagpatuloy o hindi nagbago sa buhay ng kanilang pamilya sa loob ng tamang kahon.

| Ang Buhay ng Aking Pamilya | Ano ang nagbago? | Ano ang hindi nagbago? |
|---|---|---|
| **Tirahan** | | |
| **Ginagawa sa loob ng bahay** | | |

Itanong sa mga mag-aaral:

*Sa iyong palagay, bakit may mga bagay o mga pangyayari na nagbabago at nagpapatuloy o hindi nagbabago?*

*May naiisip ka pa bang mga bagay sa buhay ng inyong pamilya na nagbago at mga bagay na nagpapatuloy o hindi nagbabago?*

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

**Tandaan**

May mga bagay na nagbabago at nagpapatuloy o hindi nagbabago sa buhay ng isang pamilya.

Ang mga desisyon o pagpapasya ng mga kasapi ng isang pamilya ang nagdudulot ng mga pagbabago o pagpapatuloy.

**Aralin 2.3. Paghahambing ng Kuwento ng Aking Pamilya at ng Pamilya ng Aking mga Kamag-aral**

**Pag-isipan**



Ano-ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga pamilya ng mga mag-aaral?

**Gawain 1**

Ipaguhit sa mga mag-aaral ang kanilang pamilya sa loob ng kahon at pakulayan ang gawain.

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng mga impormasyong hinihingi sa bawat patlang sa ibaba upang makabuo ang bawat isa ng kuwento ng kanilang pamilya.

**Ang Aking Pamilya**

Ako ay nabibilang sa pamilya ________________________.
(apelyido)

Binubuo ang aking pamilya ng _______________ kasapi.
(bilang ng kasapi)

Nakatira ang aming pamilya sa________________________________________.
(lugar ng tirahan)

Ang tatay ko ay isang ________________________________.
(gawain o hanapbuhay)

Ang nanay ko ay isang ________________________________.
(gawain o hanapbuhay)

Ang mga paborito naming ginagawa nang sama-sama ay
________________________________________________.
(paboritong gawain ng pamilya)

Ang aming pamilya ay ________________________________.
(pinakagustong katangian ng pamilya)

**Gawain 2**

Pangkatin ang mga mag-aaral. Bawat pangkat at bubuuin ng limang kasapi.

Ipabahagi sa bawat kasapi ang kuwento ng kanilang pamilya. Batay sa mga ibinahagi, gabayan ang mga mag-aaral upang mapunan ng impormasyon ng bawat pangkat ang tsart na makikita sa ibaba.

Sa pagkakataong ito, inaasahang masusulat na ng bawat mag-aaral ang mga impormasyong hinihingi sa tsart dahil sa mga nakaraang pagsasanay sa yunit 1.

| Pangalan ng mga kasapi ng pangkat | Apelyi-do | Bilang ng Kasapi ng Pamilya | Tirahan | Gawain o hanap-buhay ng tatay | Gawain o hanap-buhay ng nanay | Pabo-ritong gawa-in ng pamil-ya |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

Itanong sa mga mag-aaral:

a. *May napansin ba kayong pagkakatulad at pagkakaiba ng inyong pamilya at ng pamilya ng mga kamag-aral ninyo?*
b. *May nais pa ba kayong ibahaging impormasyon tungkol sa inyong pamilya?*


**Gawain 3**

Magpadala sa mga mag-aaral ng mga pangkulay, panggupit, pandikit at mga makukulay na papel o lumang dyaryo o *magazine o* tuyong dahon.

Gamit ang mga dalang makukulay na papel o dyaryo o *magazine* o tuyong dahon, gabayan ang mga mag-aaral na gumawa ng isang puno at ipadikit ito sa isang malinis na papel.

Pagkatapos ng paggawa ng puno, ipaguhit sa loob ng mga kahon ang mukha ng bawat kasapi ng pamilya ng mga mag-aaral. Guputin ang mga kahon at idikit ito sa ginawang puno.
[Maaari ring iguhit sa isang papel ang mga kahon (katulad ng sukat ng mga kahon sa modyul) o di kaya naman ay ipa-*photocopy* ang nasa modyul na ito o ang modyul ng mga mag-aaral.]

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |




Sabihin sa mga mag-aaral na:

*Ang tawag sa iyong natapos na gawain ay **family tree**. Ipinapakita ng family tree ang mga kasapi ng pamilya at ang ugnayan ng bawat isa.*

**Gawain 4**

Ipabahagi sa buong klase ang mga ginawang *family tree* ng bawat mag-aaral. Ipapaskil sa pisara o isang bahagi ng silid-aralan ang mga natapos nilang *family tree*.

Sabihin sa mga mag-aaral:


*Pagmasdang mabuti ang inyong mga family tree. Ano ang masasabi ninyo sa inyong nabuong mga family tree? Bakit kaya magkakaiba ang mga nabuong family tree?*

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

**TANDAAN**
May pagkakaiba at pagkakatulad ang katangian ng bawat pamilya. Sa mga pagkakaibang ito makikita ang mga namumukod-tanging katangian ng isang pamilya.
Nararapat lamang na igalang ang katangian ng bawat pamilya.


**Aralin 3. Ang mga Alituntunin ng Aking Pamliya**

**Panimula**

**Aralin 3.1. Mga Alituntuning Ipinatutupad ng Aking Pamilya**

**Pag-isipan**




Ano-ano ang mga dapat at di dapat gawin ng mga mag-aaral sa loob ng kanilang bahay?

**Gawain 1**

Ipasuri sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga larawan. Itanong kung alin sa mga ito ang kanilang ginagawa sa bahay? Ipakulay ang mga larawan na nagpapakita ng kanilang mga ginagawa sa kanilang tahanan.






Itanong sa mga mag-aaral: *Bakit mo ginagawa ang mga nasa larawang iyong kinulayan?*

Magdaos ng isang talakayan tungkol sa mga ugali o gawing ipinatutupad sa tahanan ng mga nakatatandang kasapi ng pamilya. Ipaunawa sa mga mag-aaral na *ang mabubuting ugali o gawi na ipinatutupad ng kanilang mga magulang o nakatatandang kasapi ng pamilya ay tinatawag na* ***alituntunin***.

Hikayatin ang mga mag-aaral na aktibong makibahagi sa talakayan. Itanong kung may mga naiisip pa ba silang mga alituntuning ipinatutupad sa kanilang pamilya maliban sa mga ipinakikita sa mga larawan sa itaas? Ano-ano pa ang mga ito?


Maaaring ilista sa pisara ang mga sagot ng mga bata.


Mga alternatibong gawain sa pagpapalawig ng paksa:
Maaari ring gumawa ng acrosstics ng salitang ALITUNTUNIN. Hamunin ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga alituntunin na nagsisimula sa A, L, I ,T,U,N,T,U,N,I, at N. Halimbawa:


**A-** ayusin ang pinagtulugan
**L-** linisin ang kalat
**I-** iwasang kumain ng junk food
**T-**tandaang magsabi ng "po" at "opo" sa nakatatanda
**U**-umuwi sa bahay sa tamang oras
**N**-nararapat na iligpit ang pinagkainan
**T**-tumulong sa gawaing bahay
**U**-umiwas sa labis na panonood ng telebisyon
**N**-nagpapaalam kung makikipaglaro sa kapitbahay
**I**-ipagpapatuloy ang mabuting pag-aaral
**N**- nagsasabi nang totoo sa lahat ng pagkakataon


**Gawain 2**


Gabayan ang mga mag-aaral sa gawain. *Sabihing "Tingnan ninyo ang mga larawang nasa loob ng kahon. Lagyan ng tsek kung alin sa mga ito ang ipinatutupad at ginagawa sa inyong bahay. "*























**Gawain 3**

Ipatukoy kung saang uri ng alituntunin nabibilang ang mga sinagutan ng mga mag-aaral sa Gawain 2. Ipasulat ang titik ng larawan sa Hanay 2 ng tsart na makikita mo sa ibaba.

| Hanay1<br>**Mga Uri ng Alituntunin** | Hanay 2 |
|---|---|
|  (sa pag-aaral) | |

| | |
|---|---|
|  (sa pagpapahinga ng katawan at isipan para sa kalusugan) | |
|  (sa pagpapanatili sa kaayusan ng tahanan) | |
|  (sa paggalang sa nakatatanda) | |

**Gawain 4**

Gabayan ang mga mag-aaral na pumili ng kanilang kapareha. Ipabahagi sa magkapares na mag-aaral ang mga alituntunin na ipinatutupad sa kanilang pamilya. Mahalagang matukoy nila ang mga alituntuning parehong ipinatutupad sa kanilang mga sariling tahanan at kung alin ang magkaiba sila.

Kung kaya na ng iyong mga mag-aaral, maaaring gumamit ng Venn Diagram sa pagpakita ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga alituntuning ipinatutupad ng mga kasapi ng pamilya ng magkapareha na mag-aaral upang masanay ang kanilang murang isipan sa kritikal na pag-iisip.

Sa gawaing ito, marapat na bago pa man ang gawaing ito ay naihanda na ng guro ang mga Venn Diagrams na gagamitin ng mga magkapares na mag-aaral.

| Mga Alituntuning Ipinatutupad sa Pamilyang___________ (apelyido ng mag-aaral) | Magkatulad na alituntunin ng aming pamilya | Mga Alituntuning Ipinatutupad sa Pamilyang______________________ (apelyido ng mag-aaral) |
|---|---|---|
| | | |

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

**Tandaan**

May iba't ibang alituntunin na ipinatutupad sa bawat pamilya.

Nararapat lamang igalang ang mga alituntuning ipinatutupad hindi lamang sa iyong sariling pamilya kundi maging sa ibang mga pamilya.

## Aralin 3.2 Ang Kahalagahan ng Pagtupad sa mga Alituntunin ng Aking Pamilya

**Pag-isipan**



Bakit mahalagang sundin ng mga mag-aaral ang mga alituntunin ng kanilang pamilya?

**Gawain 1**

Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na salita:

a. gamugamo
b. gasera
c. ningas

Itanong sa mga mag-aaral kung sinusunod nila ang mga alituntunin o mga ipinagagagawa ng kanilang mga magulang o di kaya'y nakatatandang kasapi ng kanilang pamilya?

Sabihing "*Alamin natin kung ano ang nangyari sa isang batang gamu-gamo nang hindi siya sumunod sa ipinagagagawa sa kanya ng nanay niya.*"

Basahin ang kwentong pinamagatang "Ang Ilawan at ang Gamugamo."



**Ang Ilawan at ang Gamugamo**

Ang pakikinig sa mga kuwento ng ina ay tila naging ritwal na sa buhay ng batang si Jose Rizal. Sa mga kwentong ito, may isang namumukod-tangi na hindi niya makalimutan. Isang gabi, habang ang kasambahay ay mahimbing nang natutulog at wala nang magsisilbing ilawan kundi ang isang gasera, ay tinuruan si Rizal ng kanyang ina na bumasa ng "Amigo de los Niños." Bata pa siya noon kung kaya't hindi pa siya masyadong nakauunawa at nakababasa ng wikang Kastila. Dahil dito, minabuti ng kanyang ina na basahin muna ito para sa kanyang anak. Subalit napansin ni Donya Teodora na hindi nakikinig si Rizal dahil abalang-abala ang huli sa panonood ng mga gamugamong lumilipad-lipad at umaaligid sa gasera. Sa kagustuhang mabigyan ng gintong aral ang mahal na anal, minarapat nitong isalaysay ang hinggil sa bata at matandang gamugamo.

*Minsan, pinangaralan ng matandang gamugamo ang batang gamugamo na huwag patutukso sa ningas ng ilawan bagama't maningning, nakaaakit, nag-aanyaya, kumakaway ang taglay na kariktan ng liwanag. Ang pagtugon sa paanyayang ito ng ilawan ay nangangahulugan ng kapahamakan, ng kasawian at ng kamatayan, sapagkat sinusunog ng init nito ang sinumang lalapit dito. Nangako naman ang batang gamu-gamo na hindi siya lalapit sa ilawan, udyok ng nakaugaliang pagsunod sa payo ng matanda at sa nadamang takot na baka nga masunog ang kanyang munting pakpak. Ngunit ang takot na ito ay dagling nalimot dahilan sa talagang nakatutukso ang tila pipikit-didilat na liwanag hanggang sa matagpuan niya ang kanyang sariling dahn-dahang lumalapit…lumalapit…lumalapit. Noong una ay wala siyang nararamdaman kundi ang bahagyang init na lalo namang humihila sa kanyang lumapit pa at damhin ang anyaya nito. Hanggang sa naramdaman na lamang niyang nagdilim ang lahat sa kanya at siya'y nawalan na ng buhay. (Nasunog ang munting pakpak ng batang gamugamo.)*

Pagkatapos basahin ang kuwento, itanong sa mga mag-aaral:


a. Ano ang sinabi ng matandang gamugamo sa batang gamu-gamo?
b. Ano ang ginawa ng batang gamugamo?
c. Bakit hindi sinunod ng batang gamugamo ang sinabi ng matandang gamugamo?
d. Ano kaya ang naramdaman ng matandang gamugamo sa kaniyang ginawang hindi pagsunod?
e. Ano ang nangyari sa batang gamugamo?
f. Kung ikaw ang batang gamugamo, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Bakit o bakit hindi?
g. May mga pagkakataon ba na, tulad ng batang gamugamo, hindi mo rin sinusunod ang payo o utos sa iyo ng iyong nanay o tatay? Ikuwento mo nga ang iyong karanasan.
h. Sa inyong palagay, bakit mahalagang sundin ang mga alituntunin ng inyong pamilya?

Upang mapalawig ang talakayan tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa mga alituntunin ng pamilya, maaari ring ipagawa sa mga mag-aaral (maaaring pangkatan o buong klase ang pagsagot) ang gawaing ito:
Sa kartolina o manila paper , magpaguhit sa mga mag-aaral ng isang gamu-gamo tulad ng nakaguhit sa ibaba.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto sa gawain: *Sa kaliwang pakpak ng gamugamo, isulat ang mga hindi mabuting dulot ng hindi pagsunod sa mga alituntunin ng pamilya; sa kanang pakpak ng gamugamo, isulat ang mabuting naidudulot o bunga ng pagsunod sa mga alituntunin ng pamilya.*


**Gawain 2**

Ipakulay sa mga mag-aaral ang mga larawang nagpapakita ng pagsunod sa mga alituntunin sa pamilya.



**Gawain 3**

Bumuo ng pangkat na may tig-lilimang kasapi. Bawat kasapi ng pangkat ay maglalaro ng binagong "Snakes and Ladders." Makinig sa panutong sasabihin ng inyong guro para sa larong ito.




Itanong sa mga mag-aaral :

*a.* *Ano ang naramdaman mo habang nilalaro ang binagong "Snakes and Ladders"?*

*b.* *Ano ang nangyayari kapag natapat ang iyong pamato sa larawang nagpapakita ng pagsunod sa alituntunin?*

*c.* *Ano naman ang nangyayari kapag natapat ang iyong pamato sa larawang nagpapakita ng hindi pagsunod sa alituntunin?*

**Gawain 4**

Gabayan ang mga mag-aaral upang mapunan ang mga patlang sa liham na naglalaman ng mga pangako nila sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

Mahal na ____________________,

Ipinangangako ko na simula sa araw na ito,

______________________________________________________

Isulat ang petsa ngayon

susundin ko ang sumusunod na mga alituntunin sa ating pamilya:

1. _______________________________________________
2. _______________________________________________
3. _______________________________________________

__________________________________________

Isulat ang buong pangalan

__________________________________________

Papirmahan sa magulang o tagapag-alaga

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

**Tandaan**

Mahalaga ang mga alituntunin.

Nagkakaroon ng kaayusan at katahimikan sa pamilya kapag sinusunod o ginagawa ng mga kasapi ang mga ito.

**Aralin 4. Pagpapahalaga sa Pamilya**

**Panimula**



**Aralin 4.1. Ipinagmamalaki ko ang Aking Pamilya**

**Pag-isipan**



Ano ang maipagmamalaki ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang pamilya?

**Gawain 1**

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pangkat na may tig-lilimang kasapi. Atasan ang bawat pangkat na isadula ang mga katangian ng isang mabuting pamilya na nakatakda sa kanilang grupo. Nakatala sa ibaba ang mga pagpapangkat ng mga katangiang isasadula ng mga grupo:

Pangkat 1- Pamilyang mapagmahal
Pangkat 2- Pamilyang may takot sa Diyos
Pangkat 3- Pamilyang matulungin sa kapwa
Pangkat 4- Pamilyang may pagkakaisa
Pangkat 5- Pamilyang mapagkakatiwalaan
Bigyan ng sapat na oras na makapag-ensayo ang bawat pangkat.

**Gawain 2**


Bilang pagpro-proseso sa gawain 1, itanong sa mga mag-aaral: *Alin sa mga naisadulang mabubuting katangian ng isang pamilya ang katangian din ng iyong sariling pamilya?*

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot. Palagyan ng tsek (✔) ang mga larawang nagpapakita ng mabubuting katangian ng inyong pamilya.














Itanong sa mga mag-aaral: *May iba pa ba kayong naiisip na mabubuting katangian ng inyong pamilya? Ano-ano ang mga ito?*

**Gawain 3**

Itanong sa mga mag-aaral kung ano-anong mga gawain ang nagbibigay-saya o nagdudulot ng kaligayahan sa kanilang pamilya?

Ipaguhit sa loob ng kahon na nakalaan sa gawaing ito [o di kaya ay sa isang malinis na papel] ang dalawa sa mga bagay na ito. Maaari ring magpadala sa mga mag-aaral ng mga larawan ng masasayang gawain nila ng kanilang pamilya tulad ng pamamasyal nang sama-sama, pagpi-picnic, pagsisimba, at iba pa. Ipadikit ang mga ito sa isang malinis na papel.

| | |
|---|---|

Kung kaya nang magsulat ng mag-aaral, magpasulat ng isang pangungusap na naglalarawan sa iginuhit o dala nilang larawan. Ipabahagi ang gawain sa klase.

Bilang pagtatapos ng gawaing ito, tawagin ang bawat mag-aaral at pakumpletuhin ang pangungusap----

Ipinagmamalaki ko ang aking pamilya dahil ________________________.

**Gawain 4**

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi sa klase ng isang kuwento tungkol sa isang mabuti at di makakalimutang karanasan ng kanilang

pamilya. Maaari ring gumuhit o magdala ng mga larawan tungkol sa karanasang ito.

Itanong sa mga mag-aaral: *Sa karanasang ito, ano ang katangiang ipinakita ng mga kasapi ng inyong pamilya na maipagmamalaki ninyo?*

**Gawain 5**

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo sa isang liham ng pasasalamat sa kanilang pamilya.

Sa aking mga mahal na ______________________________,

(pangalan ng mga kasapi ng pamilya)

Maraming salamat sa

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

_________.

(Ano-ano ang nagawa o naiparamdam sa iyo ng mga kasapi ng iyong pamilya na dapat mong pasalamatan)

Ipinagmamalaki ko ang ating pamilya!

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

| **Tandaan**<br><br>Ang bawat pamilya ay may taglay na mabubuting katangian.<br><br>Nararapat lamang na ipagmalaki mo ang pamilyang iyong kinabibilangan. |
| --- |

**Aralin 4.2. Ang Mabuting Pakikipag-ugnayan ng Aking Pamilya sa Ibang Pamilya**

**Pag-isipan**



Bakit mahalagang panatilihin ang mabuting pagsasamahan ng iba't ibang pamilya?

**Gawain 1**

Bigyan ng malinis na papel ang mga mag-aaral at ipaguhit dito ang larawan ng kanilang pamilya. Pagsama-samahin ang mga larawang iginuhit ng mga mag-aaral. Sa pinagsama-samang iginuhit na larawan, subuking makabuo ng hugis ng titik **P**, ang unang titik ng salitang pamilya.


Sabihin sa mga mag-aaral: *Ang inyong ginawa ay isang uri ng sining na tinatawag na mosaic. Ang **mosaic** ay pinagdikit-dikit na larawan o bagay upang makabuo ng isang hugis o pattern.*

**Gawain 2**

Itanong sa mga mag-aaral kung kilala nila ang kanilang mga kapitbahay. Itanong rin kung ano-ano ang naitutulong sa kanila ng kanilang kapitbahay o di kaya ay ang paborito nilang gawain kasama ang kanilang kapitbahay.

Sabihin: *"Alamin natin sa kuwentong babasahin ko kung ano ang naidudulot ng mabuting pagsasamahan ng mga pamilyang magkakapitbahay."*

Basahin ang kuwentong pinamagatang " Ang Pamilyang Ismid" na isinulat ni Rene O. Villanueva.




Ang Pamilyang Ismid

Ito ang Pamilya Ismid.

Si Tatay Ismid, Nanay Ismid, Obet Ismid, at Oli Ismid.

Marami silang kapitbahay.Ngunit hindi sila namamansin.

Katuwiran nila, sila ay naiiba dahil kulot ang buntot nila.

Araw-araw , ang Pamilya Ismid ay walang inatupag kundi pagandahin ang buntot nila.

At kapag sila ay naiimbitahan sa mga pagtitipon, ang lagi nilang sagot ay "Marami pa kaming gagawin!"

Ang gagawin pala nila ay magsusuklay at maglilinis ng buntot nilang kulot at maganda.

Minsan, sila ay inanyayahan ng kanilang mga kapitbahay.

May pag-uusapan silang mahalaga tungkol sa nakawan sa bayan nila.

Hindi dumalo ang Pamilya Ismid.

Sila ay abala sa pagpapaganda ng buntot nila.

Isang gabi, bilog ang buwan at nahihimbing ang Pamilya Ismid, pumasok ang magnanakaw sa kanilang bahay.

Hinakot ng magnanakaw ang lahat ng gamit ng Pamilya Ismid.

Ngunit nakatakas na ang magnanakaw.

Nalungkot ang Pamilya Ismid.

"Wala na tayong gamit at pagkain," igik ng Pamilya Ismid.

Kinabukasan, ang Pamilya Ismid ay dinalhan ng damit at

Hikayatin ang mga mag-aaral na aktibong makibahagi sa malayang talakayan. Itanong ang mga sumusunod:

a. *Ilan ang kasapi ng Pamilyang Ismid?*
b. *Ano ang paboritong gawin ng Pamilyang Ismid?*
c. *Ano ang problema sa lugar na tinitirhan ng Pamilyang Ismid?*
d. *Bakit hindi sila nakikipagtulungan sa iba pang pamilya sa kanilang lugar?*
e. *Ano ang nangyari sa Pamilyang Ismid isang gabi habang sila ay natutulog?*
f. *Sino ang tumulong sa Pamilyang Ismid?*
g. *Kung isa ka sa mga kasapi ng Pamilyang Ismid, ano ang mararamdaman mo sa ginawa sa inyong pamilya ng mga kapitbahay ninyo? Bakit?*
h. *Sa inyong palagay, bakit mahalaga ang mabuting pagsasamahan ng mga pamilyang nakatira sa isang lugar [tulad ng isang baryo, barangay, o isang subdivision]?*

**Gawain 3**

Ituro sa mga mag-aaral ang larong “Paint Me a Picture.” Sabihin: “*Ang “**Paint Me a Picture** ay isang laro kung saan bumubuo ng isang larawan ng isang pangyayari o bagay gamit mismo ang katawan ng mga taong kasali sa laro. Handa na ba kayong maglaro?*


*Bumuo ng pangkat na may walong kasapi. Sa pamamagitan ng “Paint Me a Picture” magpapakita ako ng isang tagpo o larawan na nagpapakita ng naidudulot ng mabuting pakikipag-ugnayan ng isang pamilya sa iba pang pamilya. Kapag sinabi kong “1, 2, 3 Paint Me a Picture” ipakita ang napili ninyong tagpo o larawan at huminto sa paggalaw hanggang sasabihin kong maaari na kayong muling kumilos. Huhulaan ng inyong mga kamag-aral kung ano ang ipinakitang larawan ng inyong pangkat.*

Mga mungkahing tagpo o eksenang ipapakita ng bawat pangkat. [Kailangang maging sensitibo ang bawat guro sa mga karanasan sa buhay ng mga mag-aaral]:

1- mga pamilyang nagbibigayan sa araw ng Pasko
2- mga pamilyang nagtutulungan sa gitna ng isang sunog sa kanilang lugar
3- mga pamilyang nagkaisa sa pagpapaganda ng kanilang kapaligiran
4- mga pamilyang nagtutulungan habang bumabagyo
5- mga pamilyang nagkaisa pagkatapos ng isang nakawan sa kanilang lugar
6- mga pamilyang nagsama-sama upang tutulan ang pagmimina o pagpuputol ng mga punong kahoy sa kanilang lugar

**Gawain 4**

Ipasuri ang larawan sa ibaba.



Itanong sa mga mag-aaral:

a. Ano ang ipinapakita ng larawan?
b. Bakit kaya masaya ang mga taong nasa larawan?
c. Bakit kaya mahalagang nagkakasundo at nagtutulungan ang bawat pamilya?

Bigyang diin ang mga nakatala sa loob ng kahon sa ibaba.

**Tandaan**

Mahalagang panatilihin ang mabuting pakikipag-ugnayan ng iyong pamilya sa iba pang pamilya.
Sa pamamagitan nito, napananatiling masaya at tahimik ang inyong lugar na tinitirhan. Ang iba't ibang pamilya rin ang nagtutulungan sa oras ng pangangailangan.

## Ang Aking mga Nagawa at Natutuhan

**Panuto.** Makinig sa babasahin ng guro.

Lagyan ng tsek ang angkop na kahon sa iyong sagot.

**Nagamit ko ang mga kasanayang ito:**

| | **Mag-aaral** | **Guro** |
|---|---|---|
| 1. Nasunod ko ang mga panuto. | | |
| 2. Nagamit ko ang aking mga kasanayan sa sining. | | |
| 3. Nagbahagi ako ng aking kuwento sa aking mga kamag-aral. | | |
| 4. Nakinig ako sa kwento ng aking guro. | | |
| 5. Nakinig ako sa kwento ng aking kaklase. | | |
| 6. Nasuri ko ang iba't ibang mga larawan. | | |
| 7. Nakapaghambing ako ng iba't ibang mga bagay. | | |
| 8. Natukoy ko ang mga bagay na nagbago at nagpatuloy sa aking pamilya. | | |
| 9. Napahalagahan ko ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pamilya. | | |
| 10. Naipaliwanag ko ang iba't ibang bagay tungkol sa aking pamilya. | | |

**Nagawa ko ang mga bagay na ito:**

| | Mag-aaral | Guro |
|---|---|---|
| 1. Nasabi ko ang mga batayang impormasyon tungkol sa aking pamilya. | | |
| 2. Nakaguhit ako ng iba't ibang larawan. | | |
| 3. Nakagawa ako ng stick puppet. | | |
| 4. Naisadula ko ang mabuting katangian ng pamilya. | | |
| 5. Naikumpara ko ang kwento ng aking pamilya sa kwento ng pamilya ng aking mga kamag-aral. | | |
| 6. Naipagmalaki ko ang aking pamilya. | | |
| 7. Nakagawa ako ng bar graph. | | |
| 8. Nakabuo ako ng timeline. | | |
| 9. Nakagawa ako ng graphic organizer. | | |
| 10. Nakagawa ako ng mosaic. | | |
| 11. Nakasulat ako ng liham pasasalamat sa aking magulang. | | |
| 12. Nakagawa ako ng family tree.<br>13 Nakabigkas ako ng isang tula. | | |
| 14. Nakaawit ako ng isang kanta. | | |

**Naipapahayag ko ang mga ito:**

| | **Mag-aaral**  | **Guro**  |
|---|---|---|
| Nasasabi ko na binubuo ng iba't ibang kasapi ang isang pamilya. | | |
| Nasasabi ko na may iba't ibang bahaging ginagampanan ang bawat kasapi ng pamilya. | | |
| Nasasabi ko na may mga bagay na nanatili at nagbago sa isang pamilya. | | |
| Nasasabi ko na may iba't ibang alituntunin na ipinatutupad sa bawat pamilya. | | |
| Nasasabi ko na mahalaga ang mabuting ugnayan ng bawat pamilya sa isang pamayanan. | | |
| Naipagmamalaki ko at napahahalagahan ang aking sariling pamilya. | | |
| Iginagalang ko ang mga katangian at paniniwala ng ibang pamilya. | | |

**Komento ng iyong guro:**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

___________________________________